Ang sinumang lumabas alang-alang sa paghahanap ng kaalaman, siya ay nasa landas ni Allah hanggang sa makabalik.

Ayon kay Anas, malugod si Allāh sa kanya: "Ang sinumang lumabas alang-alang sa paghahanap ng kaalaman, siya ay nasa landas ni Allah hanggang sa makabalik."
[Maganda] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy]

Ang kahulugan ng ḥadīth: Ang sinumang lumabas ng bahay niya o bayan niya sa paghahanap ng kaalamang pang-Islām, siya ay para ring sinumang lumabas para makibaka sa landas ni Allah hanggang sa makauwi sa mag-anak niya dahil siya ay gaya ng nakikibaka sa pagsasabuhay ng Islām, paghamak sa demonyo, at pagpapagod sa sarili.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4191

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee